Siguraduhin na pagkatapos magpakarga ay nakatigil na rin ang metro ng bomba o “pump”.

Pagkatapos magpakarga ng petrolyo, tingnan ang kabuuang halaga para makasiguro na ito ay tama.

Laging humingi ng resibo. Ang resibo ang magsisilbing ebidensiya kung sakaling magkaroon ng problema. Siguraduhin din na tama ang halaga na nakalagay sa resibo.

DEPARTMENT OF ENERGY
Consumer Welfare and Promotion Office
Energy Center, Fort Bonifacio,
Taguig, MM
Hotline: (02)840-2267
Trunkline: (02) 840-1401 to 21

You may also text in your suggestions, comments, queries and complaints.
Just type:
DOE <space> <message>
and send to 2920
(for Globe and Smart subscribers only)

check our website at:
www.doe.gov.ph/neecp/

October 2004

Department of Energy

TIPS SA PAGBILI NG PETROLYO

Sa pagbili ng petrolyo, karaniwang hindi na natin inaalam o tinitingnan kung tama ang pag-”dispense” ng produkto.

Ang pagbabalewalang ito ay maaaring maging dahilan upang ang isang mamimili ay madaya, sadya man o hindi. Ito rin ay pwedeng maging dahilan kung saan maling produkto ang maikarga.

Samakatuwid, ang mga mamimili ay pinapayuhan na bigyang pansin ang mga sumusunod:

Alamin kung anong gasolinahan ang may pinakamagandang serbisyo o mababang presyo.

Tingnan kung magkapareho ang presyo na nakasulat sa karatula ng gasolinahan (Price Display Board) at ang presyo sa bomba o “pump”.

Pag-ukulan ng pansin ang konsumo ng iyong sasakyan (km/l) at pumunta sa mga gasolinahan na may murang halaga at mataas na kalidad na gasolina.

Tingnan din ang sukatan ng gas ng sasakyan (fuel gauge) bago at pagkatapos magpakarga upang makasiguro kung ang bagong kinarga ay tugma sa halaga ng gasolinang nabili.

Huwag bumili ng mas mataas na *“octane rating”* kaysa sa tamang kailangan lamang. Basahin at bigyang pansin ang mga nakasaad sa *“manual”* na kailangang *“octane rating”* para sa inyong sasakyan. Ang paggamit ng gasolina na may mas mataas na *“octane rating”* sa kailangan ng sasakyan ay di makapagdudulot ng karagdagang kilometro kada litro.

Siguraduhin na ang “reading” ng bomba o “pump” ay nakalagay sa “zero” (-0-) bago magpakarga ng petrolyo.